Ikaapat na Grupo sa Malayuning Komunikasyon



# POSISYONG PAPEL



?

ICE BREAKER

Would you rather...

# Would you rather...

- have schools to teach abstinence first
- have schools to teach about contraception first

# Would you rather...

Allow everyone to post anything online even if misinformation spreads

Let the government regulate social media to stop fake news


## Would you rather...

work abroad and be away from family

earn less while working locally

Ikaapat na Grupo sa Malayuning Komunikasyon

# POSISYONG PAPEL



Ikaapat na Grupo sa Malayuning Komunikasyon




## Mga Miyembro

- DELA CRUZ, LYCHEE
- MIGANO, SHAE
- MEDINA, ANGELICA
- BONBON, JERALD
- JORGE, JEREMY
- SIGNA, SCARLET

Pagbabasa ng Lunturan

# Dente, Sanguinem, Praesidio






# Dente, Sanguinem, Praesidio

noong nakaraang linggo
nanaginip ako;
naglalakad daw ako sa isang pasilyo.
nalalambungan ito ng dilim
bawat mapanglaw na kariktan
ng pasilyo na iyon
ay naglagos ng kulay dugo na liwanag;
inakay ako
inalalayan
ginabayan hanggang
tumambad sa akin--

ang isang malaking salamin
na gawa ang gilid sa porselana;
isinabit ko iyon sa dingding
sinubukan kong manalamin
subalit
wala akong repleksyon sa salamin
ang tangi kong nakita
ay mukha ng aking ama;
nakangisi sa akin-
suot ang paborito niyang kupas
na *Blue Corner*
nakangisi siya sa akin;
ngiting nanlilibak
at muli kong naalala-
ang panahong wangis ako ng bangkay

habang pinapapak
ng nagsasalitang uwak

*"Wag kang sisigaw Jethro.*
*'Wag kang kikilos.*

*Kapag kumilos ka-*
*papatayin ko nanay mo.*
*Wala kang pagsasabihan.*
*Wala kang sasabihin*
*na kahit na ano*
*kundi mamamatay ka;*
*ang nanay mo;*
*ang mga kapatid mo.*
*'Wag kang sisigaw Jethro.*
*Hubarin mo'ng salawal mo!"*

hinubad niya
lahat ng puro
sa aking
ako.

ako.

makalipas ang sampung taon
sa wakas--

ay nakasigaw na rin nang malakas!
makalipas ang sampung taon
ng pananahimik
ay nakahulagpos--nakatakas
sa ibayong lakas
na animo'y pumunit sa aking
katauhan
na mistulang nagpatulig sa
kilala kong 'san'daigdigan;
gumuho na

at nabasag ang salamin
kasabay na ibinaon ng lupa;
kasama ng aking kadalisayan
gumuho na

ang mga pader ng bangungot!
sa wakas!

nakita ko na ang aking sarili
sa harap ng basag na salamin;
sinubukan kong ngumiti
ngunit umagos ang dugo ng kahapon
kasabay ng pagkatigagal ng aking ngayon
sinubukan ko 'uling ngumiti
subalit—

***NALAGLAGAN AKO NG NGIPIN.***

kasabay ng tuluyan pagkawasak ng salamin
ay tuluyan nang muling nabuo
ang imahe ng mundo sa aking paningin;

nang ako, noong isang linggo ay nagising
sa pinakamasayang araw
na matagal ko nang hinihiling:

***ang una sa pitong araw***
***bago ang araw ng kanyang libing.***

Pagsulat ng Posisyong Papel

## Ano nga ba ang Posisyong Papel?

Ang Posisyong Papel ay isang uri ng akademikong sulatin na naglalahad ng malinaw na paninindigan o opinyon ng manunulat tungkol sa isang isyu. Sinusuportahan ito ng mga ebidensya, datos, at lohikal na paliwanag upang mahikayat ang mambabasa na maunawaan o tanggapin ang kanyang posisyon.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 1:

# Unawain ang Isyu



# Unawain ang Isyu

Ang unang hakbang sa paggawa ng posisyong papel ay ang malalim na pag-unawa sa isyu. Kailangang basahin at suriin ang paksa upang malaman ang pangunahing problema, sanhi nito, at kung bakit ito mahalagang pag-usapan sa lipunan.

# Unawain ang Isyu

## POSISYONG PAPEL: Pagbasag sa Kultura ng Pananahimik

Ang pang-aabusong sekswal sa mga bata ay nananatiling isa sa mga pinaka-nakababahalang ngunit kadalasang nakatagong suliraning panlipunan sa Pilipinas, lalo na kapag ito ay nangyayari sa loob mismo ng tahanan na dapat sana'y pinakaligtas na lugar para sa isang bata. Sa tula, inilalarawan ang karanasan ng isang biktimang nagngangalang Jethro na nakaranas ng pang-aabuso mula sa sarili niyang ama at nanatiling tahimik sa loob ng sampung taon dahil sa manipulasyon, takot, at emosyonal na pamimilit. Pinagbantaan ng ama si Jethro na sasaktan ang kanyang ina at mga kapatid, kaya ginamit ang pagmamahal ng bata sa kanyang pamilya bilang paraan ng pananakot upang siya ay manahimik. Ipinapakita nito na ang pananahimik ng biktima ay hindi kusang-loob na pagpili kundi bunga ng sikolohikal na manipulasyon. Sa pamamagitan ng naratibong ito, ipinapakita ng tula kung paano kayang sirain ng pang-aabuso sa loob ng pamilya ang pagkakakilanlan, tiwala, at pakiramdam ng kaligtasan ng isang bata, na nag-iiwan ng malalim na sugat sa emosyon na maaaring manatili kahit matagal nang natapos ang pang-aabuso.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 2:

# Magsagawa ng Pananaliksik



# Magsagawa ng Pananaliksik

Matapos maunawaan ang isyu, mahalagang maghanap ng mapagkakatiwalaang impormasyon mula sa mga aklat, artikulo, batas, at iba pang akademikong sanggunian.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 3:

# Tukuyin ang Paninindigan



# Tukuyin ang Paninindigan

Sa bahaging ito, kailangang linawin kung ano ang iyong posisyon o panig tungkol sa isyu.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 4:

# Bumuo ng Argumento



# Bumuo ng Argumento

Ang susunod na hakbang ay ang pagbuo ng matibay na mga argumento na susuporta sa iyong posisyon.

# Tukuyin ang Paninindigan at Bumuo ng Argumento

Higit pa sa kalupitan ng mismong nang-aabuso, ang sitwasyong ito ay nagpapakita ng mas malawak na suliranin sa lipunan, ang kultura ng pananahimik tungkol sa pang-aabuso sa loob ng pamilya. Sa maraming komunidad, ang mga usapin sa loob ng tahanan ay itinuturing na pribadong bagay na hindi dapat pakialaman ng iba. Dahil sa ganitong pag-iisip, ang mga biktima ay maaaring makaramdam ng pag-iisa, hiya, o takot na humingi ng tulong, habang ang mga kamag-anak at kapitbahay naman ay maaaring piliing ipagwalang-bahala ang mga palatandaan ng pang-aabuso upang maiwasan ang alitan o mapanatili ang reputasyon ng pamilya. Sa ganitong kapaligiran, hindi sinasadyang napoprotektahan ang mga nang-aabuso at napapahaba ang paghihirap ng mga biktima. Hindi makatarungan na asahan sa isang bata na hamunin ang ganitong kapangyarihan, sapagkat kulang pa sila sa awtoridad, emosyonal na kahandaan, at suportang panlipunan upang harapin ang isang abusadong nakatatanda, lalo na kung ito ay isang magulang o tagapag-alaga.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 5:

# Isaalang-alang ang Ibang Pananaw



# Isaalang-alang ang Ibang Pananaw

Mahalaga ring kilalanin ang ibang pananaw o opinyon tungkol sa isyu.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 6:

# Gumawa ng Konklusyon




# Gumawa ng Konklusyon

Sa huling bahagi ng posisyong papel, ibuod ang iyong mga pangunahing argumento at muling ipahayag ang iyong paninindigan.

Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel

Step 7:

# Gumamit ng Etikal na Wika



# Gumamit ng Etikal na Wika

Siguraduhing malinaw, organisado.

# Pananaliksik, Pagsasaalang-alang ng Ibang Pananaw, Konklusyon, at Etikal na Wika

Dahil dito, mahalagang mas mapalakas at maging mas maagap ang pagpapatupad ng mga batas para sa proteksyon ng mga bata. Isa sa mga mahalagang balangkas na legal ay ang Republic Act No. 7610, na nilikha upang pangalagaan ang mga bata laban sa pang-aabuso, pagsasamantala, at diskriminasyon. Gayunpaman, hindi sapat ang pagkakaroon lamang ng mga batas kung hindi ito aktibong naipapatupad ng mga institusyon. Kailangang magtulungan ang mga paaralan, lokal na pamahalaan, at mga organisasyon sa komunidad upang makalikha ng mas ligtas na kapaligiran kung saan madaling matutukoy at mairereport ang pang-aabuso nang walang takot. Mahalaga ring sanayin ang mga guro, tagapayo, at mga social worker upang makilala ang mga palatandaan ng pang-aabuso at makapagbigay ng sikolohikal na suporta sa mga biktima. Sa pamamagitan lamang ng sama-samang pananagutan, mas mahigpit na pagpapatupad ng mga batas na nagpoprotekta sa mga bata, at pagbasag sa kultura ng pananahimik, masisiguro ng lipunan na ang mga bata ay mabibigyan ng tunay na proteksyon at dignidad na kanilang nararapat.

Kontekstwalisadong Komunikasyon Sa Filipino

## Komunikasyon

- Proseso ng pagpapalitan ng ideya, impormasyon, at damdamin.
- Kinakailangan para magkaunawaan ang mga tao sa isang lipunan.
- naipapahayag ang mga adbokasiya at paniniwala dahil sa komunikasyon.

Kontekstwalisadong Komunikasyon Sa Filipino

## Adbokasiya

- nagsusuporta o nagtataguyod ng isang layunin o adhikain.
- nagbibigay kamalayan sa mga tao tungkol sa isang isyu.
- naglalayong makapagdulot ng positibong pagbabago sa lipunan.

Kontekstwalisadong Komunikasyon Sa Filipino

## MGA GAWAING PANGKOMUNIKASYON NG PILIPINO


- Tsismisan
- Umpukan
- Talakayan
- Pagbahay-bahay

- Pulong-bayan
- Komunikasyong di-berbal
- Ekspresyong lokal

## I. Tsismisan

Impormal na pag-uusap tungkol sa ibang tao o balita sa paligid.





## 2. Umpukan

Ito ay pagtitipon ng tatlo o higit pang tao para mag-usap o magbahagi ng ideya.

# 3. Talakayan

Ito ay pag-uusap o diskusyon tungkol sa isang paksa upang magpaliwanag, magpalitan ng ideya, at magbigay ng opinyon





# 4. Pagbabahay-bahay

Ito ay pagpunta sa bawat bahay upang makipag-usap o magbigay ng impormasyon.

## 5. Pulong-bayan

isang pormal na pagtitipon ng mga mamamayan sa isang barangay o komunidad upang pag-usapan ang problema ng lugar at magdesisyon ng kolektibo.






## 6. Komunikasyong di-berbal

Ito ay pakikipag-usap na hindi gumagamit ng salita.



# 7. Ekspresyong lokal

mga salita o pariralang nasasambit ng mga Pilipino dahil sa bugso ng damdamin at nagpapaigting at nagbibigay-kulay sa mga kwento ng buhay. Sumasalamin rin ito sa kamalayan at damdamin ng mga Pilipino (San Juan et al., 2018)

# PAANO NGA BA ITO MABIBIGYAN NG KAHALAGAHAN SA PAGKAKAROON NG ADBOKASIYA?

Wikang Filipino ang pundasyon sa maayos at magandang pakikipagkomunikasyon ng bawat taong nakikipag-usap at nakikisalamuha sa iba't-ibang tao. Dahil dito nagkakaroon ng maayos na ugnayan ang bawat Pilipino sa iba't ibang industriya ng paghahanapbuhay, mapalokal o media man ito ay malaki ang maitutulong ng Wikang Filipino. Kung wala ito at tatanggalin hindi magiging mabisa at hindi magkakaunawaan ang pag-uusap.

# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat

- tumutukoy sa tamang, tapat, at responsableng paggamit ng wika at impormasyon sa paggawa ng akademikong sulatin.
- pagiging responsable sa mga ideya at salitang ginagamit sa sulatin.

# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat




## Mga paraan ng etikal na paggamit ng wika sa akademikong pagsulat

1. **Pagbibigay-kredito sa pinagmulan ng ideya**

   Kapag gumamit ka ng ideya, datos, o pahayag mula sa ibang tao, kailangan mo itong banggitin o i-cite sa nararapat na pormat.

   Ipinapakita nito na iginagalang mo ang may-akda at hindi mo inaangkin ang kanilang gawa.


# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat





## Mga paraan ng etikal na paggamit ng wika sa akademikong pagsulat

2. **Pag-iwas sa plagiarism**

   Iwasan ang pangongopya ng ideya o salita ng iba nang walang pagkilala sa pinagmulan.



# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat





## Mga paraan ng etikal na paggamit ng wika sa akademikong pagsulat

3. **Paggamit ng malinaw at pormal na wika**

   mahalaga ang maayos, malinaw, at pormal na paggamit ng wika sa pagsulat ng akademikong sulatin.

# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat





## Mga paraan ng etikal na paggamit ng wika sa akademikong pagsulat


3. **Paggamit ng malinaw at pormal na wika**

mahalaga ang maayos, malinaw, at pormal na paggamit ng wika sa pagsulat ng akademikong sulatin.

| PORMAL | BALBAL |
|---|---|
| tatay/ama | erpat |
| nanay/ina | ermat |
| security guard | sikyo |
| sigarilyo | yosi |
| kotse | tsikot |
| pulis | lispu |
| baliw | praning |
| gutom | tom-guts |



# Etikal na Paggamit ng Wika sa Akademikong Pagsusulat




## Mga paraan ng etikal na paggamit ng wika sa akademikong pagsulat

4. **Katapatan sa impormasyon at datos**

   ang isang etikal na manunulat ay dapat maging tapat sa datos at ebidensiya.


Ikaapat na Grupo sa Malayuning Komunikasyon
MATSALA
PO!